
# Tuwing Lunes



Kuwento ni :
Richard M. Payawal

Guhit ni :
Timothy M. Bagang



*Learning Competencyface*

*Describe common objects/things in the environment based on: 2.1 color  (LLKV-00-2)*



## Development Team

Kuwento ni: **Richard M. Payawal**

Guhit at Lapat ni: **Timothy M. Bagang**

Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**

*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

## Pampanga

# Tuwing Lunes



Tuwing Lunes, ang mga bata sa Baryo Makulay ay nag-uunahang pumasok sa paaralan.





Masaya ang mga bata habang bitbit ang kanilang mga bag at baong meryendang inihanda para sa kanila.






Tuwing Lunes, isang bata rin ang may bitbit na bag ngunit hindi sa paaralan ang kaniyang punta. Siya si Mona.



Kasama ni Mona ang kaniyang nanay at masayang namamasyal sa bahay ng kaniyang Lola Luna.





Mahilig sa mga kulay si Mona, kaya naman siya ay palaging nagpapaturo sa kaniyang mabait na lola.






“Lola, ano po ang kulay ng saging na ito?” tanong ni Mona.

“Dilaw iyan, apo,” sagot ni Lola Luna.





"Ano po ang kulay ng dagat?" tanong ng batang si Mona.

"Ang dagat ay asul," natutuwang sabi ng lola.





Inilabas ni Lola Luna ang mga gulay mula sa basket.

"Itong karot na hawak ko ay kahel," wika ng lola.





Kinuha din ni Lola ang talong at kaniyang sinabing, “Ang kulay naman ng talong ay ube.”





Lumabas si Lola at kumuha ng dahon mula sa puno.

"Berde ang tawag sa kulay nitong dahon," turo ni Lola.






Naghanda si Lola Luna ng gatas para kay Mona.


"Iyang gatas na nasa baso ay puti," wika ni Lola.





Tuwing Lunes, maraming mga bagay at kulay ang itinuturo ni Lola Luna kay Mona. Lalo tuloy nahilig magtanong ang bata.





Dumating ang isa pang Lunes. Hindi alam ni Mona na kaarawan pala niya. Binigyan siya ng regalo ng kaniyang lola.





Binuksan ni Mona ang regalo at inilabas ang isang magandang damit.


“Ano po ang kulay nito?”

“Pula,” sagot ni Lola.





Tumayo si Mona ngunit nabitawan nito ang hawak na damit.  Hindi niya ito mahanap dahil siya pala ay hindi nakakakita.






Iniabot ni Lola Luna ang damit na nahulog.

"Maraming salamat po!" sabay yakap nang mahigpit ni Mona sa kaniyang lola.






Naluha si Mona sa regalong natanggap.

"Mula ngayon, pula na po ang pinakapaboritong kong kulay," masayang sabi ng may kaarawan.





Mahalaga kay Mona ang araw ng Lunes. Ito ang araw na natututo siya ng mga kulay kasama ng kaniyang lola.








## TUNGKOL SA MAY-AKDA, TAGAGUHIT AT TAGALAPAT


**RICHARD M. PAYAWAL**

Kasalukuyang nagtuturo sa
Pasig National High School
Pasig, Candaba, Pampanga
bilang Teacher III.

**TIMOTHY M. BAGANG:**

Kasalukuyang nagtuturo sa
San Juan Nepomuceno Elementary School
San Juan Nepo., Guagua, Pampanga
bilang Teacher I.





Isang bata ang may
bitbit na bag ngunit
hindi sa paaralan ang
kaniyang punta.
Siya si Mona.
Saan kaya nagpupunta
si Mona tuwing Lunes?